

ACTIVITY

A. Pagsusunod-sunurin ang mga pangungusap ayon sa kuwento. Isulat ang number sa loob ng box.

- Bilang tanda ng Kanyang pangako, pinalitaw ng Diyos sa ulap ang isang bahaghari.
- Inalis ni Noah ang takip ng barko at nakita niyang natutuyo na ang lupa.
- Magsasakay sila ng isang lalaki at isang babae ng bawat uri ng hayop at ibon upang magpatuloy ang lahi nila.
- Binuksan ni Noah ang bintana ng barko at siya ay nagpalipad ng isang uwak.
- Si Noah ay nagtayo ng altar upang makapaghandog sa Diyos.
- Nakita ng Diyos na laganap na ang kasamaan ng tao sa daigdig, at puro kasamaan na lamang ang palagi nilang iniisip.
- Kaya inutusan ng Diyos si Noah na gumawa ng isang malaking barko.
- Patuloy na bumaba ang tubig hanggang lumitaw ang tuktok ng mga bundok.
- Nagpalipad si Noah ng isang kalapati at pagbalik nito kinagabihan, ito'y may tangay nang sariwang dahon ng olibo.
- Sinabi ng Diyos na kailanma'y hindi na Niya wawasakin ang lahat ng may buhay sa pamamagitan ng baha.


B. Sagutin ang mga tanong.

- Bakit winasak ng Diyos ang mga tao at ibang mga may buhay na Kanyang nilikha?

- Bakit niligtas ng Diyos si Noah at ang kanyang pamilya?

- Bukod sa pamilya ni Noah, sino pa ang kasama niyang naligtas sa loob ng barko?

C. Gumuhit ng ilang hayop na kasama ni Noah sa barko.



Mababasa sa *Genesis 6:15-16* ang sukat ng barko na pinagawa ng Diyos kay Noah. Ang sabi sa information na aking nabasa ito ay halos kasing haba ng anim na basketball courts at kasing taas ng apat na palapag na building. Talaga namang napakalaki nito! Matatandaan na ang gumawa lamang nito ay si Noah at ang kanyang tatlong anak na lalaki. Wala pang mga malalaking kagamitan noong panahon na iyon upang mapadali ang kanilang paggawa. Wala rin ibang tao na tumulong sa kanila. Ngunit kahit gaano kahirap ito ay nagtiwala at sumunod si Noah sa inutos ng Diyos sa kanya. At dahil dito ay naligtas siya at ang kanyang pamilya.



D. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong.

Pumasok ng maaga sa paaralan sila Tammy at Joyce. Nakakita sila ng wallet sa ibabaw ng desk na nasa unahan ng upuan ni Joyce.



Joyce: Kanino kayang wallet ito? Naku ang daming lamang pera. Finders keepers, losers weepers. Hihihi!



Tammy: Naku 'wag! Hindi atin iyan. Naalala mo sabi ni teacher dapat isauli natin ang hindi atin. Natutuhan din natin sa values class na tinuturo sa Bible na huwag magnanakaw.



Joyce: _____

(Kung ikaw si Joyce anong isasagot mo? Isulat ito sa patlang.)

Tanong:

Bakit tama na isauli nila Joyce at Tammy ang wallet na nakita sa classroom?

Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutong magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos upang tayo ay hindi mapahamak. Natutuhan nila Tammy at Joyce na hindi tama ang magnakaw. Ang hindi pagsasauli ng isang bagay na hindi sa iyo at ang pagtatago nito ay isang uri ng pagnanakaw. Minsan mahirap sundin ang salita ng Diyos gayundin ang utos ng ating mga magulang ngunit ito ang tamang gawin.



E. Memory Verse

Ang Panginoon ay tulad ng toreng matibay, kanlungan ng mga matuwid sa oras ng panganib. **Kawikaan 18:10**